
# Mga Pangkalahatang Kinakailangan sa Kaligtasan





## Mga Pangkalahatang Kinakailangan sa Kaligtasan

- Ang adult family home ay kailangang malinis, tuyo, walang peste, at may sapat na liwanag.
- Magbigay ng ligtas na inuming tubig, banyo, at washing facilities.
- Ang mga lugar kung saan kumakain ay kailangang ligtas at malinis.
- Ipinagbabawal ang usok ng tabako sa adult family home.
- Ang mga gusali, sahig, hagdan, at iba pang istruktura sa adult family home ay kailangang ligtas, matibay ang pagkakagawa, at walang mapanganib na butas o bukansa sa sahig.
- Itago ang lahat ng toxic substances at mga mapanganib na materyales sa nakakandadong lagayan at sa kanilang orihinal na lalagyan.
- Itago ang lahat ng mga firearm na nakakandado at maa-access lamang ng mga awtorisadong tao.

## Plano ng Paglikas sa oras ng Emergency sa Bawat Palapag

- Ang adult family home ay kailangang magpakita ng plano ng paglikas sa oras ng emergency sa bawat palapag ng bahay, at ang plano ay dapat:
  - Nakapaskil sa nakikitang lugar na karaniwang ginagamit ng mga residente, staff, at bisita; at
  - Ipinapakita ang ruta ng paglikas mula sa mga kuwarto sa palapag patungo sa itinakdang ligtas na lokasyon sa labas ng bahay.




## Mga Fire Extinguisher

Ang adult family home ay kailangang may aprubadong limang-pound na 2A:10B-C rated na fire extinguisher sa bawat palapag ng bahay. Ang fire extinguisher ay kailangang nakakabit o ligtas na naka-secure sa isang permanenteng posisyon, iniinspeksyon at sine-serbisyuhan taun-taon, nasa maayos na kondisyon, madaling ma-access anumang oras, at hindi nakalagay sa likod ng nakakandadong pinto.

Adult Family Home Council
OF WASHINGTON STATE
Long-Term Care Foundation of Washington State
PIM SAVVY COMMUNITY OUTREACH
SHIP Grant Program Safety and Health Investment Projects Lni.wa.gov/SafetyGrants
Funding and support provided by the Department of Labor & Industries

Washington State Adult Family Home Council | 1-888-439-8999 | adultfamilyhomecouncil.org